

Pagtatalumpati sa Inang Wika o Sariling Wika ng mga Kabataan mula sa Ibang Bansa

Gabay sa Paggawa ng Talumpati

Gawin ang talumpati sa sariling wika at sa wikang Hapon. Hindi kinakailangang isalin ang lahat ng talumpati sa salitang Hapon, subalit, iminumungkahi na gamitin ang mga natural na ekspresyon sa parehong wika. Kung nahihirapang isalin ang sariling wika sa salitang Hapon, maari itong ipaliwanag ng direkta. Nakasaad sa ibaba ang mga hakbang sa pagsusulat ng talumpati.

STEP 1 : Pumili ng Paksa para sa Talumpati

Una, isipin kung ano ang magiging paksa ng inyong talumpati.

May mga paksa ba kayong nais iparating sa tao. Bakit gusto ninyo ang paksang ito. Gaano kahalaga sa inyo ang paksang ito. Nirerekomenda na isulat ang mga naiisip na paksa at saka piliin kung alin sa mga ito ang nais ipahayag sa harapan ng mga tao.

Mga halimbawa ng paksa:


"Ang Kultura ng Aking Bansa at ang Kulturang Hapon" "Ang Pamilya ko at ang Hapon" "Ang Pinakamagandang Araw ng Aking Buhay" "Mensahe para sa mga Juniors" "Ang mga Natutunan ko" "Ang Aking Pangarap" "Ang Aking mga Kaibigan" "Ang Paaralan ko" "Ang mga gusto kong Gawin"

Iminumungkahi na piliin muna ang magiging paksa at saka na magpasya kung ano ang magiging pamagat ng talumpati

STEP 2 : Maghanda ng Talumpati na Nakakaantig ng Puso

Anong mga karanasan ang inyong napagdaanan sa paksang inyong napili. Alalahanin ang mga detalyeng nag-iwan ng alaala sa inyo. Maaaring gamitin ang inyong sariling karanasan, kuwentong narining mula sa pamilya, mga kaibigan o guro. Maari ninyong gawing dalawang talata ang inyong talumpati para mas maging kaaya-aya ito sa mga manonood.

STEP3 : Guwama ng plano para sa inyong talumpati



STEP4 : Isulat ito gamit ang Microsoft Word

Gamit ang format sa itaas, isulat ang sariling wika, kahilera ng wikang Hapon.

Paalala

Siguraduhin na magkahanay ang mga pangungusap ng sariling wika at ng wikang Hapon. Isulat ito sa katulad ng sa format sa itaas. Isulat ito sa isang pahina at maaari ninyong baguhin ang disenyo ng mga letra.

① Pamagat (Inang Wika o Sariling Wika,Center)	② Pangalan (Align Text Right)
③ Katawan (Align Text Right)	

④ Pamagat (Wikang Hapon, center)	⑤ Pangalan (Wikang Hapon, Align Text Right)
⑥ Katawan (Wikang Hapon, Align Text Right)	

Paraan ng pagdedessiyon

【Award mula sa hurado / Judges' choice】

Sa mismong araw na ito pagkatapos ng talumpati ng lahat, ang mga bagay na nakasaad sa ibaba ang basehan kung sino ang gagawaran ng award mula sa hurado o jury's choice.

- Ang pinili bang paksa ay nakaka-relate sa maraming tao?
- Malinaw ba ang mensaheng nais iparating sa mga nakikinig?
- Ang nilalaman ba ng talumpati ay hindi lamang ayon sa mga pangyayari, nakapaloob din ba dito ang pagpapahayag ng sariling kaisipan o saloobin
- Pinag-isipan at naipahayag bang mabuti tungkol sa nangyari noon, ngayon at bukas.
- Bawat isa bang tinitingnan ang mga manonood at damdam ba ang pagpapahayag ng saloobin

【Award mula sa manonood / audience award】

Iboto kung sino ang gustong kandidato. Kung sino ang may pinakamaraming boto ay mananalo ng award mula sa manonood / audience award.